



2021 Tulong sa Paupa para sa Maliliit na mga Kasera ng County ng San Diego

KARANIWANG MGA TANONG

1) Ano ang 2021 Tulong sa Paupa para sa Maliit na Kasera (Rental Assistance for Small Landlords o RASL)?

Ang Tulong sa Paupa para sa mga Maliit na Kasera ng County ng San Diego ay makakatulong sa karapat-dapat na maliit na antas, independyente, mga nagmamay-ari na nakakaranas ng makabuluhang mga kakulangan sa mga natatanggap na upa mula sa kanilang mga nangungupahan dahil sa epekto ng COVID-19.

2) Paano ako magsusumite ng aplikasyon para sa RASL?

Maari kang magsumite ng aplikasyon sa [online](#). Kung wala kang akses sa internet at kailangan mo ng tulong sa pagkumpleto ng aplikasyon, tumawag sa (858) 694-4801 para makakonekta sa isang ahente ng telepono na makakatulong sa iyo.

3) Kailangan ko ba ng email address para magsumite ng aplikasyon? Paano kung walang akong email address?

Kailangan ang isang balidong email address para magsumite ng isang aplikasyon online. Kung wala ka nito, maaari kang lumikha ng isa para makumpleto ang iyong aplikasyon. Ang sumusunod ay mga makukuhanan ng libreng email address:

- Gmail
- Yahoo
- Microsoft Outlook

Kung wala kang email address, maaari kang makipag-ugnayan sa (858) 694-4801 para sa isang ahente ng telepono upang tulungan ka sa online na aplikasyon.

4) Ano ang dapat kong gawin kung nahhirapan akong mag-log-in o magsumite ng aplikasyon sa online?

Unang Hakbang: Lumikha ng akawnt

Pangalawang Hakbang: Kumpirmahin ang iyong rehistradong email address bago mag-log-in at kumpletuhin ang iyong aplikasyon. Mangyaring i-tsek ang iyong email at mag-klik sa link sa mensaheng email ng pagpaparehistro na natanggap mo upang kumpirmahin ang iyong nakarehistrong email address.

- Kung hindi mo mahanap ang mensaheng email ng pagpaparehistro na ipinadala sa iyo, mangyaring tingnan ang iyong "junk" o "spam" na folder. Kung hindi mo pa rin mahanap ang mensaheng email ng pagpaparehistro, i-klik ang link na "Resend Email Confirmation" na nasa log-in na pahina.

Pangatlong Hakbang: Mag-log-in at kumpletuhin ang iyong online na aplikasyon.

- Kung matagumpay mong nakumpirma ang iyong email address, pero hindi ka pa rin mapag-log-

Tulong sa Paupa para sa Maliit na Kasera ng County ng San Diego

in, piliin ang link na “Forgot your password?” (nakalimutan mo ba ang password mo?) sa pahina ng log-in. I-tsek ang iyong email at mag-klik sa link sa mensaheng email na ipinadala sa iyo para buksan ang webpage para makaliha ka ng bagong password mo para maka-log-in.

5) Kailangan ko bang magsumite ng mga suportang dokumento sabay sa aking aplikasyon?

Opsyonal ang pagsusumite ng mga beripikasyon sabay sa aplikasyon, gayunpaman lubos kang hinihikayat na magbigay ng mga dokumento sabay sa aplikasyon upang mapabilis ang pagpoproseso. Kapag napili ang isang aplikasyon para sa pagsusuri, ang kawani ng County ay hihingi ng mga beripikasyon.

6) Paano ako aabisuhan kung napili ako?

Lahat ng mga aplikante ay aabisuhan kung napili o hindi napipili sa pamamagitan ng email o sa koreo (kung hindi ibinigay ang email). Ang katayuan ng aplikasyon ay maaaring tingnan sa online sa anumang punto.

7) Magkano ang tulong as paupa ang maaari akong makwalipika?

Ang County ng San Diego (County) ay magbabayad ng atrasadong paupa na naipon mula Abril 2020 sa isang maksimum na \$15,000 bawat yunit.

8) Gaano karaming pag-aari ang mayroon ako para maituring na maliit na antas na kasera?

Para maituring bilang maliit na antas, hindi dapat lalampas ang iyong pag-aari sa limang yunit ng paupahang bahay, kabilang na ang personal na pag-aari, pag-aari ng negosyo o ari-arian na hawak sa loob ng isang Trust.

9) Kailangan ko bang lumikha ng aplikasyon para sa bawat ari-arian?

Hindi, ang isang aplikasyon ay tatanggapin bawat isang may-ari/kasera. Lahat ng pag-aari ng kasera ay maaaring idagdag sa isang aplikasyon.

10) Magiging kwalipikado ba ako sa tulong sa paupa kung ang nangungupahan sa akin hindi na nakatira sa yunit?

Oo, hangga’t maipapakita mo na may hindi nabayarang upa mula sa nangungupahan na hindi na nakatira sa yunit.

11) Maaari ba akong maging kwalipikado para sa RASL kung tumanggap ako ng isa pang uri ng tulong na Programa sa Pang-Emerhensiyang Tulong sa Upa (Emergency Rental Assistance Program o ERAP)?

Hindi, ang mga tatanggap ay dapat hindi karapat-dapat sa o hindi mag-akses sa Paycheck Protection Program (PPP) na pondo para sa negosyong paupahan ng pabahay, o anumang iba pang pinagkukunan ng pang-gobyernong COVID-19 na pinansyal na tulong na gagamiting kabayaran para sa nawalang kita sa paupa.

12) Anong mga lugar ang sakop ng RASL?

Ang County ay paglilingkuran ang mga indibidwal at mga pamilya sa lawak ng buong County.

Mga lugar na pagsisilbihan: mga pag-aaring paupahan na matatagpuan sa mga siyudad ng Carlsbad, Chula Vista, Coronado, Del Mar, El Cajon, Encinitas, Escondido, Imperial Beach, La Mesa, Lemon Grove, National City, Oceanside, Poway, San Diego, San Marcos, Santee, Solana Beach, Vista, at sa hindi inkorporadong mga lugar ng San Diego.

13) Kailangan ko ba ang impormasyon ng nangungupahan kapag magsumite ng aplikasyon?

Oo, kakailanganin mong magbigay ng pangalan at telepono ng nangungupahan.

14) Ano ang tinatanggap na mga uri ng beripikasyon na dapat isumite sa aking aplikasyon?

Tulong sa Paupa para sa Maliit na Kasera ng County ng San Diego

- Beripikasyon ng Identidad or Pagkakakilanlan
 - Ang kasera ay dapat magbigay ng kopya ng isang ID na inisyu ng gobyerno.
- Hurisdiksyon
 - Residensya ng kasera. Ang mga tinatanggap na mga beripikasyon ay ang sumusunod:
 - ID na inisyu ng gobyerno na may kasalukuyang tirahan Q
 - Bayaran na yutilidad
 - Address ng pinauupahang pag-aari ay dapat maberipika. Ang mga tinatanggap na mga beripikasyon ay ang mga sumusunod:
- Kontrata ng paupa
- Impormasyon ng Pag-aari
 - Ang County ay tatanggap ng pansariling-sertipikasyon mula sa mga may-ari/kasera na nagsasabing nagpapatakbo sila ng paupahan na hindi lalampas sa limang yunit.
- Iba pang COVID-19 na Tulong mula sa Gobyerno
 - Ang County ay tatanggap ng pansariling-sertipikasyon mula sa mga may-ari ng ari-arian/kasera na nagsasaad na sila ay hindi karapat-dapat para sa o hindi ma-akses ang Paycheck Protection Program (PPP) na mga pondo para sa negosyong paupa sa pabahay, o anumang iba pang pinagkukunan ng tulong na pinansyal na COVID-19 na gagamiting kabayaran sa nawalang kita sa paupa, kabilang na ang mga lokal na programa ng tulong sa paupa na itinatag ng County ng San Diego at mga inkorporadong mga siyudad.
- Atrasadong mga Upa
 - Abiso sa nangungupahan na nagsasaad ng hindi nabayaranang upa sa loob ng pinahihintulatang panahon Q
 - Listahan ng Paupa

15) Kung napili akong tumanggap ng minsanang pagkakaloob na tulong, obligado ba akong bayaran ito?

Ang isang kasera/may-ari ay hindi kailangang bayaran ang subsidya, ito ay isang “grant.”

16) Kung ako ay kasera na nagmamay-ari ng komersyal na pag-aari, kwalipikado ba ako?

Ang programa ay tutulong lamang sa mga karapat-dapat na may-ari/kasera ng tulong sa paupa sa pabahay at hindi para sa komersyal na upa.

17) Kailan ko maaasahang maproseso ang aking aplikasyon at matanggap ang bayad kung ma-apruba?

Ang panahon ng aplikasyon ay magiging bukas ng dalawang linggo at ang mga aplikasyon ay pipiliin batay sa alisagang loterya (random lottery).

Kung napili ang iyong aplikasyon, aabisuhan ka ng isang kinatawan ng County na ang yong aplikasyon ay sinusuri. Maaari kaming humingi ng karagdagang mga beripikasyon at kapag nasumite ang mga ito ang aplikasyon ay susuriin. Ang proseso na ito ay maaaring tumagal ng isa hanggang dalawang linggo.

Kapag naaprubahan ang aplikasyon, maaari tumagal pa ng hanggang dalawang linggo para ma-isyu ang bayad. Maaaring tingnan ng mga aplikante ang katayuan ng kanilang aplikasyon sa online kung saan sila nagsumite ng aplikasyon at nakatanggap ng liham mula sa County sa buong proseso.

18) Paano pinipili ang mga aplikasyon?

Ang panahon ng aplikasyon ay bubuksan ng dalawang linggo and at ang mga aplikasyon ay pipiliin ayon sa aligasang loterya (random lottery). Kung pahihintulutan ng pagpopondo, susuriin ang mga karagdagang aplikasyon batay sa petsa at oras ng pagtanggap sa aplikasyon.